Fact sheet 4 – Mga classified na pasyente [classified patients]

Ang *Batas sa Kalusugang Pangkaisipan 2000 [Mental Health Act 2000]* (ang Batas) ay nagbibigay daan sa pagpasok ng isang tao sa isang pinahihintulutang mental health service mula sa hukuman o pangangalaga bilang isang *classified na pasyente*.

Ano ang hangarin ng mga probisyon ng classified na pasyente?

Ang mga probisyon ng classified na pasyente ay nagbibigay katiyakan sa ligtas na pamamahala sa isang tao, habang pinagbibigyang daan din ang pag-access sa pagpapagamot para sa kapansanan sa pag-iisip.

Ang mga probisyon ng classified na pasyente ay hindi tumutugon sa kung paano pinagpapasyahan ang mga pagpaparatang. Tingnan ang Fact sheet 5 – *Mga Probisyon para sa Forensic [Forensic Provisions]* para sa karagdagang impormasyon.

Ano ang pinapahintulutan ng mga probisyon?

Ang mga probisyon para sa classified na pasyente ay nagpapahintulot sa pagpiit sa isang tao sa isang pinahihintulutang mental health service para sa pagsusuri at/o pagpapagamot. Gayunpaman, ang mga probisyon ay hindi nagbibigay ng pahintulot sa hindi boluntaryong pagpapagamot. Kung ang hindi boluntaryong pagpapagamot ay kailanganin, ang isang *order para sa hindi boluntaryong pagpapagamot [involuntary treatment order]* ay dapat na maisagawa. Tingnan ang Fact sheet 3 –*Hindi boluntaryong pagpapagamot* para sa karagdagang impormasyon.

Ang isang classified na pasyente ay maaaring tanggapin sa anumang pinahihintulutang mental health service, kabilang ang isang high security unit. Ang pasilidad na kung saan ang isang tao ay nakakatanggap ng pagsusuri at panggagamot ay nakasalalay sa mga pasilidad na magagamit at ang pangangailangan ng isang tao sa pagpapagamot at pangseguridad.

Sino ang maaaring maging isang classified na pasyente?

Ang mga classified na probisyon ay inilalapat sa mga tao na nililitis sa hukuman o nasa piitan (maaaring kinasuhan ng paglabag sa batas o nahatulan ng pagkakakulong). Ang mga probisyon ay nailalapat sa mga taong nasa wastong gulang at sa mga nakakabata. Ang mga probisyon ay hindi nalalapat kung saan ang isang tao ay pinapayagang mag-piyansa.

Anong mga dokumento ang kinakailangan?

Tatlong mga dokumento ang kinakailangan upang mapahintulutan ang pagpasok sa isang mental health service bilang isang classified na pasyente.

- *Rekomendasyon para sa pag-aassess [recommendation for assessment]* - Ang *rekomendasyon para sa pag-aassess* ay maaaring isagawa ng isang duktor o isang pinahihintulutang mental health practitioner kung napunan ang mga pamantayan sa pagaassess (na itinakda sa seksyon 13 ng Batas) ay nalalapat sa tao. Gayunpaman, isang mahalagang kaibahan ay ang isang tao ay maaaring maging isang classified na pasyente kung sila ay magbibigay ng pahintulot na ma-assess o mag-pagamot.

- *Kasunduan para sa pag-aassess [agreement for assessment]* - Ang kasunduan ay binibigay ng tagapangasiwa ng pinahihintulutang mental health service o ang Direktor ng Mental Health.
- *Order ng hukuman sa pag-aasess [Court assessment order] o Pahintulot ng tagapangalaga sa pag-aasess [Custodian's assessment authority]* – kung ang tao ay nasa pangangalaga, isang order sa pag-aassess ang maaaring maibigay ng tagapangalaga. Kung ang isang tao ay nahaharap sa paglilitis, ang hukuman ay maaaring magsagawa ng pagpapahintulot sa pag-aassess.

Anong mangyayari sa oras magawa na ang mga dokumento?

Ang tao ay dadalhin sa pinahihintulutang mental health service ng opisyal ng pulisya, opisyal ng correctional o opisyal ng detention centre sa oras na magawa ang mga dokumento. Ang isang tao ay nagiging isang classified na pasyente sa pagpasok sa service. Sa loob ng tatlong araw na pagiging isang classified na pasyente, Dapat na magsagawa ng isang pag-assess sa tao ang isang duktor.

Ano ang hangarin ng pag-aassess?

Ang hangarin ng pag-assess ay upang magpasya kung ang pasyente ay kailangang manatili sa pinahihintulutang mental health service bilang isang classified na pasyente upang tumanggap ng paggamot para sa kapansanan sa pag-iisip. Kung ang pasyente ay mananatili sa service, ina-assess sila nang may karaniwang palugit upang mapagpasyahan kung kakailangan nila ng karagdagang pagkakapiit bilang isang classified na pasyente.

Ano ang katayuan ng anumang nalalabing mga kaso?

Sa pagiging isang classified na pasyente, ang mga pagdinig para sa mga kaso laban sa iang tao ay pansamantalang itinitigil hanggang sa ang tao ay matigil na sa pagiging isang classified na pasyente. Gayunpaman, ang pansamantalang pag-hinto ng mga paglilitis ay hindi magagamit kung ang pagkakasala ay isang paglabag sa Commonwealth [Commonwealth offence].

Paano maaaring maibigay ang paggamot para sa kapansanan sa pag-iisip?

Ang isang classified na pasyente ay maaaring magamot nang may pahintulot nila o kaya ay, kung ang pinahintulutang duktor ay napaniwala na ang pamantayan sa paggamot mailalapat, sa ilalim ng isang *order na hindi boluntaryong paggamot* (tingnan ang Factsheet 3 – *Hindi Boluntaryong Paggamot*).

Maaaring bang makatanggap ang pasyente ng limitadong paggamot sa komunidad?

Ang isang classified na pasyente ay maaari lamang makatanggap ng paggamot bilang inpatient ng pinahintulutang mental health service. Gayunpaman, ang pasyente ay maaaring sumailalim sa limitadong community treatment [limited community treatment] kung pinahintulutan ng Direktor ng Kalusugan sa Pag-iisip. Ang isang classified na pasyente na nagsisilbi ng panahon ng pagkakakulong o nakapiit ay dapat na sinasamahan ng isang tauhan ng health service kung napapailalim sa limitadong community treatment.

Paano nagwawakas ang katayuan sa pagiging classified na pasyente?

Ang katayuan sa pagiging classified na pasyente ay agad na nagtatapos kung:

- pinayagan ang pagpipiyansa
- ang mga pagdinig laban sa tao ay hindi itinuloy o iniurong
- Ang mga Commonwealth offences ay naisapinal
- ang panahon ng pagkakakulong ay nagwakas o nabigyan ng parole
- Ang pagpapasya tungkol sa mga kaso laban sa tao ay isinagawa ng Direktor ng mga Pampublikong Pag-uusig [Director of Public Prosecutions] o ng Hukuman ng Kalusugang Pangkaisipan [Mental Health Court] (tingnan ang Fact sheet 5 – *Mga probisyong forensic*).

Ang pagiging classified na pasyente ay nagwawakas din kung tao ay ibinalik sa hukuman o kustodiya. Ang classified na pasyente ay maaaring ibalik sa hukuman o kustodiya kung:

- ang Direktor ng Mental Health [Director of Mental Health] ay kumbinsido na ang pasyente ay hindi na kailangan pang mapiit sa isang pinahihintulutang mental health service o
- ang pasyente ay kusang tumatanggap ng paggamot at humihiling na hindi na mapiit.

Ang isang pinahintulutang duktor na naniniwala na ang pasyente ay hindi na dapat mapiit ay dapat na ipaalam sa Direktor ng Mental Health. Kung ang Direktor ay kumbinsido na ang pasyente ay hindi na kailangan na mapiit, isasagawa ang aksyon upang maibalik ang tao sa hukuman o kustodiya.

Mga kahulugan

Pinahihintulutang duktor – isang duktor na bihasa sa mental health na itinalaga ng tagapangasiwa ng pinahintulutang mental health service.

Pinahintulutang mental health service – isang pasilidad pang-kalusugan na idineklara ng Direktor ng Mental Health upang magbigay ng hindi boluntaryong pag-aassess at mga serbisyong paggamot.

Karagdagang Impormasyon

Mental Health Act Liaison Officer
Mental Health Branch
Queensland Health
GPO Box 48
BRISBANE Q 4001

Telepono: 1800 989 451 o 07 3234 0417

Email: mha2000@health.qld.gov.au
Web: www.health.qld.gov.au/mha2000